# Welcome sa Brampton Transit

**Ang Brampton Transit ay isang sistema ng transportasyon na pay-as-you-board o magbayad sa pagsakay na nag-aalok ng serbisyo sa buong lungsod at mga koneksyon sa nakapaligid na mga lugar. Nagsisikap kami na makapagbigay sa iyo ng ligtas at mapagkakatiwalaang serbisyo.**




Alam mo ba na may maraming iba't ibang paraan na malaman kung kailan darating ang ating bus?

Maaari kang makakuha ng husto sa panahon, impormasyon ng susunod na bus sa pamamagitan ng paggamit ng Next Ride. Ang kailangan mo lamang ay ang apat na digit na numero ng bus stop at tatanggap ka ng oras ng susunod na pagdating ng bus para sa iyong hintuan.

**Mag-text o Mag-email:** Mag-text o mag-email sa nextride@brampton.ca at ilakip ang apat na digit ng numero ng bus stop sa nilalaman ng mensahe. Halimbawa:3361

**Online:** Bumisita sa bramptontransit.com at mag-click sa Next Ride

a. Ipasok ang iyong apat na digit na numero ng bus stop para matingnan ang mga oras ng pagdating ng susunod na bus para sa inyong hintuan.

b. Kung mayroon kang smartphone, i-bookmark ang mobile site para sa mabilis na access sa pagbibiyahe: nextride.brampton.ca.

**Telepono:** Tumawag sa 905.874.2999 at sundin ang mga tagubilin

## Gawin itong mas madali, mag-sign up para sa mga abiso

Ang Abiso sa Next Ride* ay isang serbisyo ng subscription na magpapadala sa iyo ng regular na mga abiso kapag umaalis ang iyong bus. Pumili ng hanggang 10 iba't ibang bus stop bawat subscription.

Bisitahin ang bramptontransit.com at mag-click sa Next Ride. Kapag nasa pahina ng Next Ride, i-click ang link ng Abiso at ilagay ang inyong impormasyon.

*Ang mga Abiso ng Next Ride ay isang libreng serbisyo na ibinibigay ng BramptonTransit. Gayunpaman, depende sa uri ng serbisyong iyong ginagamit, maaari kang sisingilin para sa bayad kada mensahe ng iyong wireless provider.

**Mobile:** Ang susunod na mobile site ng ating Next Ride ay magbibigay sa iyo ng kapareho, madaling gamitin na convenience ng isang app. I-bookmark ang nextride.brampton.ca sa iyong smartphone at kunin ang impormasyon sa susunod na bus sa iyong mga daliri.

## Mga Iskedyul at mga Mapa

Ang mga iskedyul at mapa ng lahat ng ruta ng Brampton Transit ay maaaring mai-download mula sa bramptontransit.com sa pahina ng Mga Iskedyul at Mapa.

## Triplinx

Gamitin ang Triplinx, ang opisyal na planner ng biyahe ng Metrolinx para planuhin ang iyong biyahe sa loob ng Brampton at ng Greater Toronto and Hamilton Area (GTHA).

Madali ang pagpaplano ng iyong biyahe; ipasok ang iyo ng lokasyon ng pagsisimula at kung saan mo gustong pumunta at sasabihin sa iyong TRiplinx kung paano pumunta doon. Ipasadya ang iyong plano sa pagbibiyahe gamit ang mga opsyon tulad ng maximum na distansya ng paglalakad o paraan ng transportasyon. Dinisenyo ang Triplinx para magbigay ng impormasyon sa mga biyahe gamit ang transportasyon, pagbibisikleta o paglalakad nang eksklusibo, o kumbinasyon ng mga opsyon na ito

Makikita mo rin ang mga iskedyul ng transportasyon, mga pamasahe, at ibang nakatutulong na impormasyon na maaaring kailanganin mo bago ka aalis.

Kabilang sa Triplinx ang impormasyon sa transportasyon para sa Brampton, Burlington, Durham Region (DRT), GO Transit, Hamilton (HSR), Milton, Mississauga (MiWay), Oakville, Toronto (TTC), YorkRegion (YRT), at UP Express.

Bisitahin ang triplinx.ca para sa karagdagang impormasyon.

## Google

Kung ikaw ay isang tagagamit ng Google Maps, planuhin ang pagbibiyahe sa Brampton Transit gamit ang Google Transit.

## Pagbabayad ng Iyong Pamasahe

Ang mga pasahero ay maaaring magbayad gamit ang kanilang cash o kanilang PRESTO card sa BramptonTransit at Züm.

Kung nagbabayad ka gamit ang cash, mangyaring ihanda ang eksaktong pamasahe kapag sumakay. Hindi makapagbibigay ng panukli ang mga operator.



Ang PRESTO ay isang sistema ng elektronikong pagbabayad na ginagamit ng mga ahensya sa transportasyon sa buong Greater Toronto and Hamilton Area (GTHA), at Ottawa. Ginagamit ng PRESTO ang teknolohiyang smartcard para bigyan ang mga sumasakay ng pinaka-madaling pagbabayad ng pamasahe na posible. Mag-load ng alinman sa pondo o isang lingguhan o buwanang pases ng Brampton Transit nang direkta sa card. Kapag sumakay sa bus, i-tap ang card sa PRESTO device.

Hinihikayat ang mga kostumer na gumawa ng My PRESTO Account. Kung mawala o manakaw ang iyong card, maaari itong palitan, at maibalik ang balanse.

Kapag binabayaran mo ang iyong cash na pamasahe, humingi ng isang paglipat mula sa Operator sa oras ng pagsakay, at may karapatan ka sa walang limitasyong pagbibiyahe sa loob ng itatagal ng paglipat. Ang mga paglipat ay mag-i-expire dalawang oras mula sa oras ng pag-isyu.

Tatanggap ang Brampton Transit ng mga paglipat mula sa sumusunod na mga service provider ng transportasyon sa alinmang lokasyon, kapag may nalalabing oras lamang na nalalabi sa paglipat:

- BurlingtonTransit
- DurhamRegionTransit(DRT)
- HamiltonStreetRailway(HSR)
- MississaugaTransit(MiWay)
- OakvilleTransit
- TTC–Zone3punchedtransfer LAMANG
- YorkRegionTransit(YRT)

Kung gumagamit ka ng isang PRESTO card, hindi mo na kailangang humiling sa bus Operator ng paglipat, awtomatiko itong nakatabi sa card, na nagpapahintulot sa iyo na magbiyahe sa loob ng dalawang oras mula sa oras ng pag-isyu.

**Tandaan:** Dapat nasa bus stop ka na nang hindi bababa sa limang minuto bago ang nakatakdang oras ng pag-alis.

Ang Züm ay serbisyo ng Bus Rapid Transit (BRT) ng Brampton Transit. Ang ZUM ay isang mapagkakatiwalaan, buong araw, serbisyo ng limitadong hintuan na gumagana nang maayos at tuloy-tuloy sa ating mga kumbensyonal na mga bus. Mahalagang pinahuhusay nito ang kalidad ng pangkalahatang serbisyo na nagbibigay ng mas mahusay na pagiging konektado para sa mga residente sa loob ng Brampton at ng buong Greater Toronto Area (GTA) na nagdidirekta ng mga link sa York Region, Mississauga at Toronto. Kahit na ang Zum ay isang natatanging dagdag sa Brampton Transit, hindi ito hiwalay na nagpapatakbo. Nangangahulugan ito na maaari kang maglipat-lipat sa dalawang serbisyo

Gustong makipag-usap sa isang live agent? Ang ating Contact Center ay bukas pitong araw kada linggo:

| | |
|---|---|
| Lunes-Biyernes: | 7:00am - 9:00pm |
| Sábado: | 7:00 am - 7:00 pm |
| Linggo: | 9:00 am - 6:00 pm |

Tawagan kami sa 905.874.2999 o TTY905.874.2130. Maaari ka ring mag-email sa amin sa transit@brampton.ca

## Mga Serbisyo ng Pagsasalin

Kung mangangailangan kayo ng mga serbisyo ng pagsasalin, tumawag sa 905.874.2999, magsabi na nangangailangan ka ng tulong at s**abihin ang pangalan ng iyong wika sa Ingles**. Itatalaga sa iyo ang isang interpreter nang walang bayad, Mangyaring manatili sa linya habang kinokonekta ang isang interpreter.

Sundan kami sa Twitter@BramptonTransit para sa napapanahong impormasyon sa serbisyo kabilang ang mga detour, pagpapahusay sa serbisyo, serbisyo sa walang pasok at mga update sa transportasyon. Mayroong tanong? Magpatuloy at mag-tweet. Ikagagalak ng ating Contact Center team na mag-tweet sa iyo ng sagot.

I-like kami sa Facebook @Brampton Transit para sa napapanahong mga balita, mga anunsyo, mga kaganapan sa transportasyon, mga litrato, mga video at mas marami pa!

Sundan kami sa Instagram@bramptontransit para makita ang ating #ThrowbacksaHuwebes at mga litrato sa #LikodNgEksenaMartes, mga masasayang video at mas marami pa!

## E-Newsletter

Kunin ang impormasyon ng Brampton Transit na ihahatid sa iyong inbox sa aming e-newsletter. Tumanggap ng napapanahong impormasyon tungkol sa mga pagbabago ng serbisyo, mga iskedyul ng piyesta opisyal, mga event at mas marami pa!

Madali ang pag-subscribe! Bumisita sa aming website para mag-sign up ngayon.

YOURS. FOR LIFE.